FOR IMMEDIATE RELEASE
JULY 11, 2008

Asatidz[1], naka-ATM na!

- Ngayon ay makukuha na sa mas mabilis at madaling paraan ang sweldo ng mga Asatidz, o mga gurong nagtuturo ng ALIVE o Arabic Language and Islamic Values Education ng Department of Education (DepEd).

- Sinabi ni DepEd Secretary Jesli Lapus na nagsimula nang gumamit ang DepEd ng Land Bank ATM para sa mga asatidz na nagtuturo ng ALIVE sa mga muslim na magaaral sa mga pampublikong paaralan.

- Ang mga “Asatidz’ ay mga “volunteers” na sinanay na magturo ng ALIVE. Buwan buwan ay nakatatanggap sila ng P3,000 mula sa DepEd. Ang ibang LGUs o Local Government Units na tumutulong sa DepEd ay nagbibigay ng karagdagang P2,000 sa mga asatidz.

- Sa lumang proseso, matagal bago makuha ng mga asatidz ang kanilang sweldo. Ayon kay Lapus, “malaking ginhawa ito para sa ating mga asatidz na nagtuturo ng ALIVE.”

[1] Gurong Muslim na nagtuturo ng Arabic Language at Islamic Values